



Ang factsheet na ito ay inihanda para magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang legal na dokumento. Mangyaring tingnan ang Employment Standards Act and Regulation para sa mga layunin ng pagpapakahulugan at pagpapairal ng batas.

July 2016

Taunang Bakasyon

Ayon sa *Employment Standards Act*, ang mga empleyado ay karapat-dapat na magkaroon ng time off para sa taunang bakasyon at na mabayaran ng vacation pay.

Ang Pagiging Kwalipikado

Ang mga empleyado na nagtrabaho nang limang kalendaryong araw o mas kaunti pa ay hindi karapat-dapat na mabayaran ng taunang vacation pay. Ang vacation pay para sa farm workers na binabayaran para sa bawat piraso na inani ay kasama sa piece rates. Ang lahat ng ibang mga empleyado ay kikita ng vacation pay sa lahat ng mga sahod na kinita mula sa unang araw ng pagtrabaho.

Pagkatapos nagtrabaho nang 12 buwan, ang isang empleyado ay karapat-dapat na makatanggap ng taunang bakasyon.

Kung sumang-ayon ang isang tagapag-empleyo na magbigay sa isang empleyado ng karagdagang bakasyon o vacation pay kaysa sa iniaatas ng Batas, maaaring ipatupad ng Employment Standards Branch ang kasunduang ito.

Hindi maaaring bawasan ng isang tagapag-empleyo ang taunang bakasyon o vacation pay ng isang empleyado dahil ang empleyado ay binayaran ng bonus o sick pay o dating binigyan ng bakasyon na mas mahaba kaysa sa minimum.

Pagiging karapat-dapat sa taunang bakasyon

Sa unang taon ng pagtrabaho, kikitain ng isang empleyado ang panahon para sa bakasyon na kukunin sa pangalawang taon ng pagtrabaho. Pagkatapos makompleto ang labing-dalawang buwan ng pagtrabaho, kumita na ang isang empleyo ng dalawang buwang taunang bakasyon na kukunin sa susunod na taon. Ang ibig sabihin nito'y simula sa pangalawang taon, karapat-dapat na kunin ng isang empleyado ang bakasyon na kinita sa naunang taon.

Pagkatapos magkompleto ng limang-taong pagtrabaho, ang isang empleyado ay magiging karapat-dapat na magkaroon ng tatlong linggong taunang bakasyon.

Karapat-dapat na kunin ng isang empleyado ang kanyang taunang bakasyon sa loob ng labing-dalawang buwan pagkatapos niyang kitain ito.

Maaaring isulat ng isang empleyado ang kahilingan para sa taunang bakasyon bago siya maging karapat-dapat para dito. Kung sumang-ayon ang isang tagapag-empleyo, babawasan ng panahon ng bakasyon na ito na kinuha nang advance ang natitirang katagalan ng panahon ng bakasyon kapag karapat-dapat na magbakasyon ang isang tagapag-empleyo.

pagpapatuloy...



Ang pag-iskedyul ng bakasyon

Dapat iiskedyul ng isang tagapag-empleyo ang taunang bakasyon ng isang empleyado sa mga panahon ng isa o higit pang mga linggo maliban na lamang kung humingi ng mas maikling panahon ang empleyado.

Ang isang tagapag-empleyo ay may karapatang mag-iskedyul ng mga bakasyon alinsunod sa mga pangangailangan ng negosyo basta nasisiguro ng tagapag-empleyo na makakapagbakasyon ang isang empleyado sa loob ng labing-dalawang buwan pagkatapos maging karapat-dapat para dito.

Kung may piyesta opisyal sa loob ng panahon ng bakasyon, ang isang empleyadong kwalipikado para sa piyesta opisyal ay karapat-dapat na mabayaran ng statutory holiday pay para sa araw na iyon. Gayunman, ang empleyado ay hindi karapat-dapat na makakuha ng karagdagang day off.

Hindi pinahihintulutan ng Batas ang isang empleyado na hindi na lamang kunin ang taunang bakasyon at kunin lamang ang vacation pay. Ang mga tagapag-empleyo ay inaatasang siguraduhin na ang mga empleyado ay:

- Kukuha ng time off para sa kanilang taunang bakasyon; at
- Makuha ang kanilang vacation pay.

Vacation pay

Kapag kinuha ng isang empleyado ang isang taunang bakasyon na kinita sa naunang taon ng pagtrabaho, dapat bayaran ng isang tagapag-empleyo ang vacation pay na kahit man lamang apat na porsiyento ng lahat ng mga suweldo na ibinayad sa empleyado sa nakaraang taong iyon.

Ang anumang vacation pay na natanggap ng isang empleyado ay magiging bahagi ng kabuuang suweldo na ibinayad sa taong iyon.

Ang vacation pay ay mababayaran nang kahit pitong araw man lamang bago magsimula ang taunang bakasyon.

Kapag isinulat ng tagapag-empleyo at empleyado ang kanilang pagsang-ayon, ang vacation pay ay maaaring ibayad sa bawat tseke.

Kapag nakompleto na ng empleyado ang limang taong pagtrabaho, dapat bayaran ng tagapag-empleyo ang vacation pay na kahit anim na porsiyento ng lahat ng suweldo na kinita sa naunang taon.

Kapag itinigil ang pagtrabaho, dapat na bayaran sa isang empleyado ang lahat ng hindi pa binabayaranang vacation pay sa kanyang pinakahuling paycheque.

Mga Record sa Trabaho

Dapat ipahayag ng payroll records ng tagapag-empleyo ang taunang bakasyon na kinuha ng empleyado, ang mga halaga na ibinayad ng tagapag-empleyo, at ang mga hindi pa naibibigay na araw at halaga.

Ang halaga ng ibinayad na vacation pay ay dapat nakapahayag sa pay statement ng empleyado.

Leaves at jury duty

Ang katagalan ng serbisyo ng isang empleyado na nasa inaprubahang leave sa ilalim ng Batas ay itinuturing na walang tigil kapag kinakalkula ang pagiging karapat-dapat para sa taunang bakasyon.

Pagbenta o paglipat ng isang negosyo

Hindi naaapektohan ng pagbenta, pagpapauya, o paglipat ng isang negosyo sa katagalan ng serbisyo ng isang empleyado na siyang empleyado pa rin ng negosyo sa panahon ng pagbenta.

Commission sales

Ang mga empleyado na binabayaran ng commission ay dapat kumuha ng taunang bakasyon at makatanggap ng vacation pay tulad din ng ibang mga empleyado. Ang vacation pay ay hindi maaaring isama sa commission rate.

pagpapatuloy. . . .

Ang mga commission na payable sa panahon ng taunang bakasyon ng empleyado ay hindi magiging vacation pay. Ang vacation pay ay dapat bayaran sa lahat ng kinitang commission.

Mga halimbawa:

1. Si Robyn ay magsisimula ng bagong trabaho sa Marso 1, 2008. Makokompleto niya ang kanyang unang taon ng trabaho sa Pebrero 28, 2009 at siya'y magiging karapat-dapat na kumuha ng taunang bakasyon. Si Robyn ay dapat bigyan ng kanyang tagapag-empleyo ng bakasyon bago dumating ng Pebrero 28, 2010.

Kapag si Robyn ay kumuha ng dalawang linggong bakasyon sa Hulyo 2009, ibabayad sa kanya ng kanyang tagapag-empleyo ang 4% ng kanyang gross earnings mula Marso 1, 2008 - Pebrero 28, 2009 para sa vacation pay. Dahil si Robyn ay hindi magtrabaho sa dalawang linggong panahong iyon, hindi siya tatanggap ng anumang mga regular na suweldo. Ang halaga ng vacation pay na ito ay magiging bahagi ng kanyang gross wages para sa taon mula Marso 1, 2009 - Pebrero 28, 2010.

2. Si Sam ay aalis sa kanyang trabaho pagkatapos magtrabaho nang tatlong buwan. Ang kanyang panghuling paycheque ay may kasamang 4\$ vacation pay sa lahat ng mga suweldo na kinita mula sa unang araw ng kanyang pagtrabaho.
 3. Si Sue ay magsisimula ng trabaho sa Hulyo 2, 2008. Sa Enero 31, 2009, susulat siya ng kahilingan na kunin ang bakasyon “nang advance”. Sumang-ayon ang tagapag-empleyo. Si Sue ay off nang isang linggo sa Marso 2009. Ang unang taon ng kanyang pagtrabaho ay magtatapos sa Hulyo 1, 2009, at siya'y magiging karapat-dapat na kunin ang bakasyon na kinita niya sa taong iyon. Mayroon pang isang linggong bakasyon na natitira para kay Sue.
-